


# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 6: NOLI ME TANGERE Ang Babala



**Filipino – Ikasiyam na Baitang**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikaapat na Markahan – Modyul 6: Noli Me Tangere – Ang Babala**  
**Unang Edisyon 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

<b>Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul</b>		
<b>Manunulat:</b>	Franklin B. Claros Cristian D. Dalis Ruth P. Agalot	Ruben Escudero Rizalyn B. Mayormita
<b>Editor:</b>	Lindo O. Adasa, Jr. July G. Saguin	Susan S. Bellido. Philip D. Caermare
<b>Tagasuri:</b>	Jephone P. Yorong,	
<b>Tagaguhit:</b>	Edgardo P. Jamilar, Jr.	
<b>Tagalapat:</b>	Peter A. Alavanza	Gilbert R. Esguerra
<b>Tagapamahala:</b>	Dr. Isabelita M. Borres Eugenio B. Penales Sonia D. Gonzales Felix Romy A. Triambulo Ella Grace M. Tagupa Jephone P. Yorong	

**Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region IX**  
Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City  
E-mail Address: [region9@deped.gov.ph](mailto:region9@deped.gov.ph)

# **Filipino**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 6:**

**NOLI ME TANGERE**

**Ang Babala**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin




Mabuhay! Binabati kita sa mga aralin sa kabanatang napagtagumpayan muna. Halina't tuklasin natin ang susunod na mga kabanata sa modyul na ito. Handa ka na ba sa bagong yugto ng kuwento?

Batid kong sabik kana sa mga susunod na mga kaganapan. Ngunit bago mo basahin at unawain ang buong kabanata, mas maiging ikaw ay may gabay upang maging makabuluhan ang iyong pagtuklas sa modyul na ito.

Na sa ibabang bahagi nito ang mga layunin mo sa pagbabasa.

**Sa modyul na ito ay inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:**

1. Naihahambing ang mga katangian ng isang ina noon at sa kasalukuyan batay sa napanood sa dulang pantelebisyon o pampelikula. **F9PD-IVg-h-59**
2. Naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa aralin gaya ng:
  - pamamalakad ng pamahalaan
  - paniniwala sa Diyos
  - kalupitan sa Kapuwa
  - kahirapan at iba pa. **F9PB-IVg-h-60**
3. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagtupad sa tungkulin ng ina at ng anak. **F9PS-IVg-h-62**
4. Nagagamit ang mga angkop na ekspresyon sa:
  - Pagpapaliwanag
  - Paghahambing
  - Pagbibigay ng opinion **F9WG-IVg-h-62**



## Subukin

### Gawain 1: *Hulaan Mo!*

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Lagyan ng **tsek ( / )** ang patlang bago ang bilang kung ang pahayag ay nagsasaad ng katotohanang mga pangyayari sa kabanata at **ekis naman ( X )** kung ito ay hindi totooang nangyari.

- \_\_\_ 1. Si Cristomo Ibarra ang nagsabi sa mga katagang “Iniligtas ninyo ang buhay ko. Kakalahati pa lamang ang naibabayad ko!”
- \_\_\_ 2. “Mula sa pinakamaliit na insekto hanggang sa tao...at mula sa pinakadukha hanggang sa pinakamayaman at pinakamakapangyarihan na tao.” Sa pahayag na ito ni Elias ang nais niyang pakahulagan mula rito ay matalik na kaibigan.
- \_\_\_ 3. Papunta si Elias sa Batangas kaya’t nagtanong siya kay Ibarra kung may ipagbibilin ito.
- \_\_\_ 4. Sa San Francisco ang lugar na kung saan ay masayang nagkatipon at isang masaganang pananghalian ang dinaluhan ng mga kilalang tao sa probinsiya.
- \_\_\_ 5. Ang pagsusuntukan ng mestisong lalaki at Pari Sibyla ay mabilis na kumalat sa bayan na kinatatampukan ng di makapaniwalang pangyayari na kung saan umani ng maraming haka haka at batikos.
- \_\_\_ 6. Nagpatawag ng pulong ang Kapitan-Heneral upang makausap ang anak na dalaga ni Padre Damaso na si Maria Clara.
- \_\_\_ 7. Ang idyomatikong pahayag na “Jack of all trades, master of none.” ito ay tumutukoy sa isang taong may maraming alam gawin sa buhay ngunit di naman bihasa o talagang sanay sa lahat ng ginagawa ay mababasa sa kabanata 38 ang kapitan heneral.
- \_\_\_ 8. Ang lahat ng panauhing dumarating sa tahanan ay nakapagbibigay impormasyon at tulong sa may-ari ng bahay na pinuntahan.
- \_\_\_ 9. Si San Juan Bautista ay pinsan ni Maria Birhen na nagbinyag o nag-bautismo kay Jesus.
- \_\_\_ 10. Buhay at kaluluwa ni Maria Clara ang kapalit sa pagputol ng ugnayan at kasunduan nilang pagpapakasal ni Ibarra.

## Aralin

# 1

## **NOLI ME TANGERE: Ang Babala (Kabanata 31-45)**

Sa araw na ito ay higit mong makikilala at mauunawaan ang takbo at pamamalakad sa pamahalaan sa panahon ni Crisostomo Ibarra at mga kaugaliang Kristiyanismo. Alam kong sabik ka nang malaman ang mga ito. Pero bago pa man tuluyang simulan ang pagbabasa narito ang isang gawaing magpapalawak sa iyong sensibilidad bilang isang indibiduwal sa mga pangyayaring panglipunan.



### ***Balikan***

#### **Gawain 1: *Ihambing Mo!***

Sagutin ito sa iyong kuwaderno.

1. Anong katangian ni Sisa ang iyong hinahangaan at gayundin sa tinatangi mong ina? Paano sila nagkakaiba o nagkakatulad?

---

---

---

---

---

---



### ***Mga Tala para sa Guro***

Magandang araw sa iyo. Kumusta ka? Muli na naman tayong magkakasama. Inaasahan kong natulungan ka ng mga naunang modyul na ginawa ko para sa iyo. Muli, naghanda na naman ako ng modyul na tutulong sa iyo upang tuklasin ang mga pamamalakad ng pamahalaan sa panahon ni Ibarra.



## Tuklasin

### Gawain 1. Paglinang ng Talasalitaan



Upang lubos mong maunawaan ang kuwento ay kailangang bigyan mo ng kahulugan ang mga salitang nakalimbag nang nakadiin. Tiyak kong hindi ka mahihirapan dahil ginamit ito sa pangungusap upang makuha ang tamang kahulugan ng salita.

**Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang kasingkahulugan ng mga salitang nakasulat nang pahilis. Isulat ang titik sa patlang bago ang bilang.

a. binyag	b. tagapagtanggol/abogado	c. Komunyon
d. plapla	e. pailaw	f. Kaibigan
g. asawa	h. kalihim	i. kaaway ng simbahan

- \_\_\_ 1. Ang dalagang si Maria Clara naman ay nasa gawing kaliwa ni Ibarra at sa kanang gawi ng dalaga ay ang **notaryo**.
- \_\_\_ 2. Hindi umimik ang pari, sa halip ay tinagubilinan niya si Kapitan Tiyago na ipahanda kay Tiya Isabel si Maria Clara sa isang pangungumpisal muli sa gabing iyon at bibigyan niya ng **viatico** kinabukasan upang tuloy-tuloy na ang kanyang paggaling.
- \_\_\_ 3. Ang huling pailaw ay parang bulkan habang ang daan ay naliliwanagan ng **luces de Bengala** na siyang nagsisilbing tanglaw sa mga taong naglalakad patungo sa liwasang bayan.
- \_\_\_ 4. May ilang tao na lumapit kay Ibarra at sinabing huwag pansinin ang paglisan ng kura sa pagkat ang mga ito ang nagsabing si Ibarra ay **eskumulgado**.
- \_\_\_ 5. Pinintasan niya ang mga taga lalawigan at pinangalandakan na **kaututang dila** ang alkalde at ang iba pang nasa mataas na poder sa estado.

Matapos mong sagutan ang talasalitaan ay basahin mo ngayon ang mga Kabanata 31-45 na sumasaklaw sa temang “Ang Babala”.



## **Kabanata 31** **ANG SERMON**

Isang malaking kamalig ang inayusan upang magsilbing simbahan para sa misa ng kapistahan. Maagang nagsidatingan ang mga panauhin at opisyal ng bayan upang masilayan ang buong misa at makinig sa banal na salita.

Matutunghayan kung paano gamitin ni Padre Damaso ang kanyang posisyon at ang simbahan para takutin at alipustahin ang mga Indio.

Gamit ang wikang Kastila, Latin at konting Tagalog, nagbigay ng sermon si Padre Damaso. Itinuon ng pari ang kanyang mensahe tungkol sa mga kaluluwa sa Purgatoryo.

Maging ang mga makasalanang Indio, araw ng paghuhukom, at ang ang hindi magandang asal ng mga taga Maynila ay kanyang binigyang pansin din.

Dahil sa kanyang sermon, tumayo ang isang batang Manilenyo at tuluyang lumabas ng simbahan. Si Ibarra naman ay buong tapang na nagtitimpi sa isang sulok dahil alam niya na siya ang pinatataman ng pari.

Anumang gawing sigaw at kumpas ni Padre Damaso ay hindi pa rin niya napigilan ang mga tao na makatulog sa haba ng kanyang litanya. Sadyang marami ang nawalan ng interes na makaintindi sa kanya. Marami sa mga panauhin ang umuwing nadismanya dahil sa hindi naintindihang sermon ng pari. Sa simbahan ay palihim na ibinulong ni Elias ang kanyang lihim na natuklasan at sinabihan si Ibarra na mag-ingat.

## **Kabanata 32** **ANG PANGHUGOS**

Isang di pangkaraniwang panghugos ang itinayo ng taong madilaw. Sa dulo ng tatlong malaking lubid ay nakabitin ang isang malaking batong buhay na may uka sa gitna. Inusisa nang mabuti ni Nol Juan ang kalo at pagkatapos ay nagpasiya na sumang ayon sa taong madilaw na ito ang gamitin sapagkat sinabi nito na ang makinang iyon ay itinuro ng ninuno ni Ibarra na si Don Saturnino. Matapos ang misa na isinagawa ni Padre Salvi, nagsimula na ang paghuhugos. Ang lahat ng kailangan ay naigayak na maging ang mga mahalagang kasulatan at medalya, salaping pilak at relikyang ay inilagay na sa isang kahang bakal at ipinasok naman sa bumbong na yari sa tingga.

Matapos ang mensahe ng alkalde ay nagbigay na ng hudyat sa paglalagay ng mga biga. Nang makababa na ang lahat, biglang kumawala sa pagkakatali ang lubid at biglang bumagsak ang biga. Ang akala ng lahat ay si Ibarra ang nabagsakan ng biga ngunit laking gulat nila ng ang mabaon sa hukay ay ang taong madilaw na siyang nagmamaniobra ng makina. Nais na ipadakis ng alkalde si Nol Juan bunga ng naganap na sakuna sapagkat siya ang namamahala ng naturang proyekto. Sinalungat naman ito ni Ibarra sapagkat walang kasiguraduhan na siya ay may kinalaman dito. Nagpasyang umuwi si Ibarra at agad na kinumusta si Maria Clara matapos na ang dalaga ay himatayin sa nangyari sa paghuhugos.

### **Kabanata 33**

#### **MALAYANG ISIPAN**

Lumapit kay Ibarra ang kanyang utusan at sinabing may magbubukid na naghahanap sa kanya. Inakala niyang ang bisita ay isa lamang sa kanyang mga manggagawa kaya iniutos niyang papasukin ito sa kanyang tanggapan. Ngunit nagulat siya nang makitang ang pumasok ay ang mahiwagang si Elias.

“Iniligtas ninyo ang buhay ko!”, ang unang bati ni Elias na nahuhulaan na ang saloobin ni Ibarra. “Kakalahati pa lamang ang naibabayad ko, wala po kayong dapat ipagpapasalamat. Nagtungo ako rito upang may ipakiusap sa inyo.” tugon ni Elias. Sinabi ito ni Elias sapagkat tinatanaw niyang malaking utang na loo bang pagkakaligtas ni Ibarra sa kanyang buhay mula sa buwaya sa lawa nang maganap ang pangingsda.

“Magsalita kayo,” ang tugon ni Ibarra na nagtataka sa seryosong pahayag ng magbubukid.

Tinitigan ni Elias si Ibarra at sinabing “Pag may nagtangkang alamin ang katotohanan sa mga naganap ay huwag ninyong mababanggit kaninuman ang ibinulong ko sa iyong babala sa simbahan.”

“Huwag kayong mag-alala. Alam kong kayo ay pinag-uusig ngunit hindi ko kayo isusuplong.” ang tugon ni Ibarra.

Ang gusto lamang ni Elias ay magbigay ng babala at protektahan si Ibarra sa mga lihim nitong kaaway.

“Para sa higit ninyong kaligtasan, kailangan ipalagay ng mga kaaway ninyo na pabaya kayo o sobra sa pagtitiwala”, ang paliwanag ni Elias. Nagtaka si Ibarra kung bakit siya magkakaroon ng kaaway gayong maganda naman ang layunin niya sa pagpapatayo ng paaralan sa San Diego.

Sinabi lahat ni Elias na may mga kaaway ang tao mula sa pinakamaliit na insekto hanggang sa tao, mula sa pinakadukha hanggang sa pinakamayaman.

Biglang napalunok ng laway si Ibarra.

“Kayo ay hindi isang magbubukid o isang piloto lamang.” ang mahinang sabi ni Ibarra. “Nag-aakala kayo na gumagawa ng isang makabuluhang gawain, ngunit sa inyong nakaraan, ang inyong ama at ang inyong ninunong lalaki ay nagkaroon ng mga kaaway. At sa buhay na ito, hindi ang mga salarin kundi ang mararangal na taong tulad ninyo ang kinamumuhian. May mga kaaway kayo sa matataas at mababang lipunan.” ang patuloy ni Elias.

“Kilala ba ninyo ang kaaway ko?”

Nag-iisip si Elias at hindi agad sumagot.

“Nakilala ko ang isa at kamamatay lamang. Kagabi ay nalaman kong may binabalak na masama laban sa inyo mula sa usapan ng isang di kilalang nawala na lamang sa karamihan ng nagtitipong tao. *Ito ay hindi kakainin ng mga isda na kagaya ng kanyang ama. Makikita ninyo bukas.* ang sabi ng tao. At ang taong iyon ay siyang nagboluntaryong mangasiwa sa paglalagay ng unang bato sa paghuhugos at nagpanggap na siya ay sanay sa ganoong gawain.

“Ikinalulungkot ko ang taong iyan ay namatay.” ang naitugon ni Ibarra. “Sana ay may mga bagay pa akong nalaman tungkol sa kanya.”

“Kung siya po ay buhay ay maaaring nakaiwas sa kamay ng bulag na katarungan ng tao. Ang Diyos ang siyang humatol sa kanya, ang Diyos ang pumatay sa kanya, ang Diyos ang tanging hukom!”, ang makahulugang tugon ni Elias.

“Naniniwala ka ba sa milagro?” ang tanong ni Ibarra na nakangiti. “Tingnan ninyo, tingnan ninyo ang naganap na milagro!”, na ang tinutukoy ay ang pagkaligtas niya sa batong bumagsak.

“Kung maniniwala ako sa milagro, sana ay di po ako maniniwala sa Diyos: Maniniwala ako sa isang taong banal. Nang magaganap na ang paghuhugos at malapit nang bumagsak ang bato, ay sinunggaban ko ang salarin at tumabi ako sa kanya. Siya ang namatay at ako ay nakaligtas at hindi nasaktan!” ang sabi ni Elias.

“Kung ganoon ay kayo ang nagligtas sa akin!”, ang gulat na sabi ni Ibarra.

“Opo” hinawakan ko siya sapagkat ibig takasan ang masamang balak sa inyo. Nakita ko ang kanyang kasamaan. Kaya’t masasabi kong ang Diyos ang tanging hukom na humahatol sa tao. Siya ang tanging may karapatan sa buhay – kalian man ay hindi dapat isipin ng tao na palitan ang Diyos!” ang paliwanag ni Elias.

Nagulat si Ibarra sa taglay na kaisipan ni Elias. Tinanong niya ito kung sino ba talaga at kung nakapag-aral.

Umiwas si Elias na sagutin ang tanong bagkos sinabing “Ninais ko pong manalig nang buong puso sa Diyos dahil nawalan na ako ng pagtitiwala sa tao.”.

Ang huling babala ni Elias ay “Ingatan ninyo ang inyong sarili para sa kapakanan ng iyong bayang tinubuan”

Habang nag-uusap sila ay napagtanto ni Ibarra ang malaya at malawak ang taglay na kaisipan ni Elias at hindi ito ordinaryong magbubukid o piloto lamang.

### **Kabanata 34**

#### **ANG PANANGHALIAN**

Masaya at masiglang nananghalian ang mga dakilang tao ng probinsiya sa isa sa mga namumukod tanging pabilyon sa lugar.

Sa pagtitipon ay naroon si Ibarra na nasa dulong bahagi katapat sa kabilang dulong bahagi ang gobernador. Ang dalagang si Maria Clara naman ay nasa gawing kaliwa ni Ibarra at sa kanang gawi ng dalaga ay ang notaryo. Habang si Kapitan Tiyago, ang mga kawani at mga dalaga ay nagsisi-upuan sa mga napiling lugar.

Nang nasa kalagitnaan na ng kainan ay may isang mensaherong dumating dala ang isang telegrama na para kay Kapitan Tiyago. Ipinagpaalam ng matanda ang sarili at binasa ang telegrama. Napasimangot siya. Napataas ang kilay at biglang nagbago ang kulay ng mukha nito at dali-daling tiniklop ang liham.

Nahinto sa kanilang ginagawa ang lahat pagkatapos sinabi ng matanda na ang Kapitan Heneral ay darating.

Walang pinalipas na Segundo si Kapitan Tiyago at kumaripas na umalis bitbit ang telegrama nang hindi nakasumbrero.

“Kailan siya darating?”

“Sagutin mo naman ako!”

“Ang kanyang Kamahalan!”

Malayo na si Kapitan Tiyago at hindi na sila maririnig pa.

“Alam ba ninyo Ginoong Gobernador,” tanong ng Komandante. “Kung hanggang kailan titigil ang Gobernador-Heneral?”

“Hindi ako nakatitiyak, mahilig kasi sa surpresa ang kanyang kamahalaan.”

Di kalaunan may dumating pang telegrama na para naman sa Gobernador, sa Alkalde, at sa Komandante na pareho ang laman. Ukol sa pagdalaw. Pinuna ng mga Pari kung bakit walang ipinadala sa Kura Paroko.

Samantala, sa ibang pabilyon nagsikainan ang mga bata sa pangangasiwa ng guro. Hindi maingay at napakamahiyain ng mga batang Filipino noon sa mesa lalo na kung kaharap ang ibang tao. Gayumpaman ay bahagya rin silang nagkakatuwaan. Nagkalabitan at nagkindatan ang kanilang mga magulang sa nakitang kasiyahan ng kanilang mga anak.

Patapos na ang tanghalian nang dumating si Padre Damaso. Ang lahat ng panauhin ay bumati rito maliban kay Ibarra. Mas uminit pa ang hapag nang isa-isang inilalagay sa mesa ang mga tsampeyn at kopa. Sinikap na ilihis sa ibang usapin ng Alkalde ang mga panay pasaring ng Pari kay Ibarra ngunit hindi na tinag ito. Walang kibo si Ibarra. Pero, nang sinimulang ungdatin ni Padre Damaso ang tungkol sa pagkamatay ng ama ni Ibarra na may kasamang pagyurak sa katauhan nito ay sumulak ang dugo ng binata. Biglang sinunggaban nito ang pari at tinangkang saksakin sa dibdib. Buti na lamang ay naroon si Maria Clara. Gulo ang isip ni Ibarra na umalis at iniwan ang mga katalo sa pananghalian.

### **Kabanata 35**

#### **MGA USAP-USAPAN**

Ang pangyayari na di inaasahan ay kumalat sa kanilang bayan na kung saan ilan sa mga tao ay di makapaniwala at umani ng maraming batikos, pagkabahala, at pagyurak sa karapatang pantao. May mga nagsasabing di dapat ginawa ng pari iyon sapagkat alagad siya ng Diyos, at labag sa karapatang pantao at turo ng simbahan. Ang sabi naman ng ibang mga estudyante ay dapat lang na ginawa sapagkat nakakawalang respeto ito sa mga tao, pero dapat sana ay hinabaan ni niya ang pasensiya sapagkat siya ang nakakatanda sa kanila.

“Nakita n’yo ba ang isang mestisong Kastila, na umalis sa sakristiya?”

“Kaninang umaga habang nagsesermon si Padre Damaso?” sagot ng mestizo. “Oo...Oo... nakita naming. Nakita rin namin si Padre Damaso.”

Puwes! Pagkatapos ng sermon ay ipinatatawag niya ang mestizo at tinanong kung bakit umalis.

“Hindi po ako nakaiintindi ng Tagalog.” sagot ng lalaki. “E, bakit parang nang-iinsulto ka? Bulyaw naman ni Padre Damaso at binigwasan niya ng suntok ang mestizo. Gumanti ang lalaki at nagsuntukan sila ng pari hanggang sa sila ay awatin. Parang hindi makapaniwala ang mga tao sa mga pangyayari.

Ang ilan naman ay nagsasabing sang-ayon sila sa ginawa ni Ibarra dahil walang sinuman ang may karapatang humamak sa alaala ng isang namayapang ama. Napag-usapan din ang maaaring maging parusa o magiging kalagayan ni Ibarra maging ang paaralang kanyang ipinatatayo dahil sa pangyayari. Nalungkot at tila nawalan ng pag-asa ang ilang mahihirap na hindi na makapag-aral ang kanilang mga anak kung hindi matutuloy ang pagpapatayo ng paaralan. Nakalulunkot ang naganap pero kailangang may managot sa kanilang kinasasangkutan. Parang walang naniniwala kay Don Filipino nang sabihin niyang nagiging mapang-abuso ang mga prayle dahil ang mamamayan din ang nagbibigay-katwiran sa kanila.

Iba naman ang haka-haka ng mga babae. Ayon kay Hermana Rufa ay mamamatay siya sa sama ng loob kung ang ginawa ni Ibarra ay gagawin ng kanyang anak. Hindi naman alam ni Kapitang Tinay ang gagawin kung ang anak niya ang gumawa ng ganoon sa pari.

Ngunit si Kapitana Maria ay nagsabi: “Ikinatutuwa kong ipagtanggol ng mga anak ang alaala ng kanilang mga magulang.”

### **Kabanata 36** **ANG SULIRANIN**

Tila naging isang malaking usapin ngayon sa bahay ni Kapitan Tiyago ang mga nangyari. Kahit anong panunuyo ni Tiya Isabel at kinakapatid nitong si Andeng kay Maria Clara ay patuloy lamang ito sa kanyang pagdaramdam at pag-iyak. Dahil sa pangyayaring kinasangkutan ni Ibarra ay ipinagbawal ni Kapitan Tiyago ang pakikipag usap ng dalaga rito hanggat hindi pa iniaalis ng mga pari ang pag-ekskumulgado sa binata dahil sa ginawang pananalakay kay Padre Damaso.

Umalis ng bahay si Kapitan Tiyago pagkatapos nitong maging abala sa paghahanda sa pagdating ng Kapitan-Heneral dahil ito ay ipinatawag sa kumbento.

Di nagtagal ang matanda ay muling nagbalik. Hindi maipinta ang mukha ng matanda. Makikitang ito ay malungkot at pawis na pawis.

“Ano’ng nangyari, Santiago?” buong pananabik na tanong ni Tiya Isabel. Bumuntong hininga lamang ang matanda at pinahid ang mga luha.

Inutusan siya ni Padre Damaso na putulin ang relasyon nina Maria Clara at Crisostomo. Huwag itutuloy ang kasal dahil kung magkagayon ay ikokondena siya sa lupa at langit. Si Pari Sibyla ay nagsabi naman na huwag tanggapin si Ibarra sa kanyang tahanan at ang utang ni Kapitan Tiyago na 50,000 sa binata ay huwag nang pabayaran kundi mawawala ang kanyang buhay at kaluluwa.

Inalo ni Kapitan Tiyago si Maria sa pagsasabing ang ina raw nito ay nakita lamang niyang umiyak nang ito'y naglilihi. Isa pa ay may kamag-anak si Padre Damaso na nakatak dang dumating mula sa Europa at siyang ipinagkasundo na magiging bagong katipan ni Maria. Hindi makapaniwala ang mga kausap ni Kapitan Tiyago lalo na si Maria na napailing lamang, umiiyak at tinakpan ang mga tainga. Pati si Isabel ay nagalit at sinabihan ang Kapitan na ang pagpapalit ng katipan ay hindi parang nagpapalit lamang ng baro. Iminungkahi naman ni Tiya Isabel na sulatan ni Kapitan Tiyago ang Arsobispo dahil kaibigan naman niya ito. Pero, sinabi ng matanda na mawawalang kabuluhan lamang sapagkat ang Arsobispo ay isang prayle rin at walang ibang pauunlakan kundi ang mga kapwa prayle. Pagkaraang pagsabihan ng Kapitan si Maria na tumigil na ito sa pag-iyak at baka mamugto ang mga mata, hinarap na niya ang paghahanda sa bahay.

Di nagtagal dumating na nga ang Kapitan-Heneral. Ang buong kabahayahan ni Kapitan Tiyago ay muling nanumbalik ang sigla at nagsimula ng mapuno ng mga tao. Si Maria naman ay tumakbo sa silid at nagdasal sa Mahal na Birhen. Nasa ganito siyang kalagayan nang pumasok ang kanyang Tiya Isabel at sinabing gusto siyang makausap ng Kapitan-Heneral. Mabigat man sa loob ay unti-unti na siyang nag-ayos sa sarili.

### **Kabanata 37**

#### **ANG KAPITAN HENERAL**

Biglang dumating sa bayan ng San Diego ang Kapitan Heneral upang tumugon sa pakiusap na maraming magtatanong sa kanya ukol sa mga problema ng bayan. Lahat ng mga naninirahan doon ay abala sa pagdating ng heneral kaya ang iba ay gustong makipag-usap sa kanya. Pero pinili lamang niya ang makakausap sapagkat hindi sapat ang oras. Halos lahat ng bayan at maging ang simbahan ay dumalaw sa kanyang natatanging tanggapan upang magbibigay galang. Samantala, si Ibarra ay sinadya niyang ipahanap upang kausapin nang araw na iyon. Ang pagpupumilit sa sa kanyang isipan na masagot ang lahat na mga nag-uudyok na katanungan ang dahilan kung bakit nais niyang makausap ang binata.

“Ikinasisiya kong makadaop-palad kayo, Ginoong Ibarra. Itulot ninyong tanggapin ko kayo nang buong kapalagayang-loob.” wika ng Kapitan Heneral na buong giliw na nakatingin sa binata.

Pinuri niya si Kapitan Tiyago sa pagkakaroon ng magandang anak na dalaga at kapuri puring mamanunggagin dahil nagustuhan nito ang timyas at ganda ng anak kaya nabibighani siya at agad niyang hiningi ang kamay ng dalaga bilang paggalang nito, kayat nagprisinta pa siyang maging ninong sa kasal ng dalawa.

Itinanong ng Kapitan Heneral kay Ibarra kung ano ang hangarin nito para sa bayan.

“Kamahalan”, ang tangi ko pong hangarin ay ang kaligayahan ng aking bansa, kaligayahang utang sa Inang Bayan at sa pagsisikap ng aking mga kababayan, na nagbubuklod ng iisang diwa at layunin. Ang hiniling ko ay maibibigay lamang ang pamahalaan pagkaraan ng maraming taon nang patuloy na paggawa at tumpak na hakbang tungo sa reporma.”, ang tugon ni Ibarra.

Humanga ang Kapitan Heneral sa nais ni Ibarra para sa bayan at sa taglay nitong talino. Ngunit sinabi niyang siya ay nakatakda nang umalis ng Pilipinas sa loob ng isang buwan. Sinabi ng Kapitan Heneral kay Ibarra na “Ang inyong napag-aralan at ang inyong mga isipan ay hindi nababagay sa lupaing ito. Ipagbili ninyo ang lahat ng inyong ari-arian, ihanda ang inyong mga maleta at sumama kayo sa akin sa Europa, hiyang sa inyo ang singaw doon.”

Ngunit tumanggi si Ibarra sa panukala ng Kapitan Heneral. Kailangan niya raw manirahan kung saan nabuhay ang kanyang mga magulang. Hindi na siya pinilit ng Kapitan Heneral at sinabing papuntahin sa kanya si Kapitang Tiyago para makausap niya at puntahan si Maria Clara upang malaya niya itong makausap ng binata.

Hindi na nakapag-usap sina Maria Clara at Ibarra ngunit ipinasabi nit okay Sinang na patutungo sila sa dulaan pagsapit ng gabi.

### **Kabanata 38**

#### **ANG PRUSISYON**

Isang malakas na tunog ng kampana na nagmula sa simbahan at mga putok ng mga rebentador ang pahiwatig na nagsisimula na ang pang-apat na prusisyon. Sindihan na rin ang mga kuwitis at nagsimula na ring magliwanag ang mga bintana ng kabahayan.

Mula naman sa bahay ng Alkalde ay naroon at inimbitahan ang Kapitan-Heneral kasama ang dalawang ayudante ni Kapitan Tiyago ng gobernador-probinsiyal na puno ng mga *guardia civil*.

Samantala ang binatang si Ibarra ay hanggang tanaw nal ang sa bahay ni Kapitan Tiyago na higit sanang ikakasaya ang panonood ng prusisyon mula rito lalo pa at naroon si Maria Clara.

Mapapansin sa prusisyon ang tatlong sakristan na may dalang kandelerong pilak sa unahan. Sumunod dito ang mga batang nag-aaral kasama ang kanilang guro at ang batang lalaki naman ay dala ang iba’t ibang hugis at kulay na parol na sila mismo ang gumawa. Sa di kalayuan naman ay naroroon ang mga *guardia civil* na nakaatas sa kaayusan ng prusisyon

bitbit ang mga pamalo

“Ginoong Gobernador”, bulong ni Ibarra. “Ang pagpalo ba nila ay bilang pagpaparusa sa kanilang kasalanan o para sa pansariling kasiyahan lamang?”

“Tama kayo, Ginoong Ibarra, ang pagpapamalas na ito ng . . . barbarismo ay nakaiilang sa mga dayuhan.” Tugon naman ng Kapitan-Heneral. “Dapat ay ipagbawal natin ito.”

Hindi ikinasasaya ng mga tao ang pangunguna sa mga santo sa prusisyon ni San Juan Bautista dahil mukha di umano itong ermitanyo. Bukod dito ito ay nakasampa lamang ito sa isang lumang karong kahoy. Imbis na magliliwanag ay iilang kabataan lamang ang nakaagapay sa santo at ni hindi nag-abalang sindihan ang kanilang mga parol. Ayon sa kanila ay hindi man lang inisip na maging si Hesus ay nagpakababa sa harap nito. Maging ang mga pagpapasakit at pagpakamatay alang-alang sa kanyang paniniwala ay hindi na isinaalang-alang.

Sumama sa paglalakad si Ibarra na napilitan lamang kasama ang Kapitan Heneral, mga Kagawad, Kapitan Tiyago, Alkalde at Alperes.

Inihinto ang karo at andas ng mga santo sa tapat ng bahay ni Kapitan Tiyago kung saan may isang kubol sa pagdadarausan ng pagbigkas ng tulang papuri o *loa* sa pintakasi ng bayan.

Isang batang lalaki na may pakpak, nakabotang pangabayo, nakahanda at may bigkis ang lumabas upang simulan ang pagpupuri sa wikang Latin, Kastila at Tagalog.

Kasunod nito’y ang pag-awit ni Maria Clara ng *Ave Maria* kung saan ang lahat ay nabighani sa ganda ng kanyang tinig. Dama naman ni Ibarra ang pighating nararamdaman ng kanyang kasintahan sa boses nito. Sandaling napukaw ang atensyon ng binata ng ito ay kausapin ng Kapitan-Heneral tungkol sa imbitasyong makasalo siya sa pagkain kung saan kanilang pag-uusapan ang pagkawala ng dalawang sakristan na sina Crispin at Basilio.

### **Kabanata 39** **DONYA CONSOLACION**

Pinid na pinid ang pinto ng bahay ni Donya Consolacion kahit napatapat na dito ang prusisyon. Nang umagang iyon, ang asawa na alperes at paraluman ng mga guwardiya sibil ay hindi nakapagsimba. Paano kasi hindi siya pinayagang lumabas ng kanyang asawa. Ikinahiya ng alperes ang nakatatawang pagdadamit ni Donya Consolacion. Ang kanya namang amoy ay katulad ng kalaguyo ng mga guwardiya sibil. Pero para kay Donya Consolacion ay higit siyang maganda kaysa kay Maria Clara.

Ang isa sa ipinagpuputok pa ng kanyang damdamin bukod sa hindi siya pinayagang lumabas ng bahay ay ang pangyayaring sobra kung alipustain at murahin siya ng alperes. Suklam na suklam ang Donya at inisip kung paano makapaghiganti. Ang pag-iisip niyang iyon ang nakapagbigay sa kanya ng ibayong galit.

Habang nasa kalagitnaan ng pagmumuni-muni ang Donya, narinig niyang umawit si Sisa. Noon ay dalawang araw na pala itong nakakulong sa kwartel. Pinaakyat ng Donya si Sisa upang pakantahin. Palibhasa, sa wikang kastila ang



utos ng Donya, hindi ito naintindihan ni Sisa. Kinuha ng Donya ang latigo ng alperes at muling inutusan kumanta si Sisa. Pero hindi pa rin sumunod si Sisa. Dahil dito, inutusan ng Donya ang sundalo na sabihin kay Sisa ang gusto nitong mangyari. Kumanta si Sisa ng Kundiman ng Gabi. Ang awit na iyon ni Sisa ay tumalab sa damdamin ng Donya kung kaya't nakapagsalita ito ng Tagalog. Napamaang ang sundalo sa tinuran ng Donya. Hindi niya sukat akalain na marunong pala itong magsalita ng Tagalog. Napansin naman ng Donya ang pagkamaang ng sundalo kaya galit na pinaalis ito. Muling bumaling ang Donya kay Sisa at inutusan na naman itong magbaile o sumayaw. Muli ay hindi na naman sumunod si Sisa dahil wikang kastila ang gamit ng Donya. Pinalo niya ito sa binti at paa dahilan ng pagkabuwal ni Sisa. Napunit ang manipis nitong damit kasabay ng paglabas ng dugo mula sa kanyang sugat. Naibunton niya kay Sisa ang lahat ng kanyang galit. Nasiyahan ang Donya sa kanyang nakita kay Sisa dahilan ng hindi pagkapansin ng paparating na alperes. Sinipa nito ang nakasarng pintuan upang mabuksan. Pagkakita kay Sisa ay galit na galit ang alperes at namutla ang mukha. Nanlisik ang kanyang mga mata. Ngunit parang wala lang ito sa Donya. Magaan pa rin ang loob na tanungin ang alperes kung bakit hindi man lang nito nagawang bumati sa kanya. Hindi siya pinansin ng alperes, sa halip ay inutusan ang bantay na bigyan ng damit at pagkain si Sisa. Gamutin ang mga sugat, bigyan ng magandang higaaan at huwag itong lapastanganin. Lingid sa kaalaman ng Donya kung bakit ito ginawa ng alperes kay Sisa. Iyon pala ay nakatakda na itong ihatid sa tahanan ni Ibarra kinabukasan.

Sa kabilang dako, ang kagaspangan ng ugali ni Donya Consolacion ay bunga ng kawalan ng sapat na edukasyon. Dati siyang labandera lamang ng mga sundalo ng napangasawa niya ang alperes na noon ay isa lamang kabo. Ito ang dahilan kung bakit may kagaspangan ang kanyang pag-uugali. Pilit siyang umastang may pinag-aralan, marunong ng wikang kastila at may ugaling Europeo.

#### **Kabanata 40**

#### **KARAPATAN AT KAPANGYARIHAN**

Mag-iikasampu na ng gabi ng paisa-isang sindihan ang mga kuwitis. Ang huling pailaw ay parang bulkan habang ang daan ay naliliwanagan ng **luces de Bengala** na siyang nagsisilbing ilaw sa mga taong naglalakad patungo sa liwasang bayan.

Malaki ang entabladong pinagdausan ng dula. Ang nangasiwa sa palabas ay ang Tenyente Mayor na si Don Filipino sapagkat ang kapitan ay nasa sugalan. Kausap ng Tenyente si Pilosopo Tasio. Pinag-usapan nila ang pagbitiw ni Don Filipino sa kanyang tungkulin. Ngunit hindi tinanggap ng alkalde ang pagbibitiw nito. Saglit naputol ang usapan ng dalawa nang dumating si Maria Clara kasama ang mga kaibigan. Kasunod nilang dumating ang kura at ilang kastila. Isa-isa silang inihatid ng tenyente sa kanilang upuan.

Nagsimula na ang palabas. Ang pansin ng lahat ay nasa entablado maliban kay Padre Salvi na walang kurap sa pagkatitig kay Maria Clara.

Tapos na ang unang bahagi ng dula nang pumasok si Ibarra. Umugong ang bulungan pero hindi ito pinansin ni Ibarra. Malugod na binati niya ang kasintahan at ang mga kasama nito. Tumindig si Padre Salvi (ang kura) at hiniling kay Don Filipino na paalisin si Ibarra. Ngunit hindi sumunod ang Don at sinabing hindi niya magagawa ang gayon sapagkat nagbigay ng malaki si Ibarra. Isa pa, hindi siya natatakot sa gagawin ng kura sapagkat maghaponng kausap ng Kapitan Heneral at ng alkalde ng lalawigan si Ibarra kaya wala itong dapat na ipangamba. Napilitang umalis ang kura at ang mga kasama nito. May ilang tao na lumapit kay Ibarra at sinabing huwag pansinin ang paglisan ng kura sapagkat ang mga ito ang nagsabing si Ibarra ay **ekskumulgado**.

Nilapitan ni Ibarra ang mga dalaga at nagpaalam na mawawala siya sandali dahil mayroon siyang nakalimutang tipanan. Pinigilan pa sana siya ni Sinang pero nangako si Ibarra na babalik agad. Palabas na si Yeyeng upang sumayaw nang lumapit ang dalawang sibil kay Don Filipino at ipinatigil ang palabas dahil hindi raw makatulog sa ingay ang alperes at si Donya Consolacion. Pero hindi pinagbigyan ang kahilingan ng mga sibil at biglang nagkagulo. Tiyempo namang nakabalik na si Ibarra. Kaagad niyang hinanap si Maria Clara. Kumapit naman sa bisig ni Ibarra ang nasindak na dalaga. Walang tigil naman sa kakausal ng letania si Tiya Isabel.

Pinagbabato naman ng mga tao ang mga sibil na inihatid ng mga **kuwadrilyero** sa tribunal. May mga pulutong na mga kalalakihan na nagbalak ng masama sa mga sibil. Pero pinakiusapan sila ni Don Filipino na huwag nang palalain pa ang pangyayari. Ngunit hindi siya pinansin ng mga ito. Kaya kay Ibarra siya nakiusap. Pinakiusapan naman ni Ibarra si Elias na puntahan ang mga kalalakiang nagbabalak ng masama. Napahinuhod naman ng piloto na huwag ng ituloy ang kanilang binabalak. Isa-isang nagsialisan ang mga tao.

Mula naman sa kinaroroonan ni Padre Salvi, nakita niya ang buong pangyayari sa liwasan. Dumating ang kanyang mga utusan at ibinalita ang tungkol sa nangyaring kaguluhan.

Bigla na lamang nakita ni Padre Salvi sa kanyang pangitain na si Maria Clara ay walang malay, pangko ni Ibarra at nawala sila sa kadiliman. Halos nagkandahulog siyang bumaba sa kumbento at nagtuloy sa liwasan. Ngunit wala na siyang nakitang tao. Binulyawan siya ng mga kastila ngunit hindi niya ito pinansin. Mabilis niyang pinuntahan ang bahay ni Kapitan Tiyago. Kahit nakapinid ang durungawan ay nabanaagan niya pa rin ang anino nina Maria Clara at Tiya Isabel. Ang pagkabahala sa kanyang dibdib ay biglang napawi dahil alam niyang ligtas na sa kapahamakan ang dalagang si Maria Clara. Agad bamalik sa kumbento si Padre Salvi.

## **Kabanata 41**

### **DALAWANG PANAUHIN**

Dahil sa nangyari hindi dinalaw ng antok si Ibarra. Dahil dito, naisipan niyang gumawa sa kanyang laboratoryo. Maya-maya pumasok ang kanyang utusan at ibinalita dito na mayroon siyang panauhing taga bukid. Si Elias. Pinatuloy niya ito nang hindi man lang lumilingon.

Tatlo ang pakay ni Elias sa pagpunta niya kay Ibarra. **Una**, upang ipaalam sa kanya na nagkasakit si Maria Clara. **Panagalawa**, magpapaalam na siya kay Ibarra sapagkat nakatakda na siyang magtungo sa Batangas. **Pangatlo**, itatanong niya sa binata kung wala itong ipagbibilin sa kanya. Hinangad ni Ibarra ang masayang paglalakbay ni Elias.

Hindi nakatiis si Ibarra na hindi magtanong ky Elias kung paano niya napatigil ang kaguluhang nangyari sa liwasan. Ayon sa kanya, kilala niya ang magkapatid na namumuno sa panggugulo. Dahil sa utang na loob ng magkapatid kay Elias, madali niya itong napakiusapan. Hindi na kumibo si Ibarra, kaya nagpaalam na si Elias.

Pagkaalis ni Elias, agad na nagbihis at pumanaog si Ibarra. Sinisisi niya ang sarili sa nangyari sa kasintahan. Pupunta siya sa bahay ni Kapitan Tiyago. Sa daan, nakasalubong niya ang isang maliit na lalaking nakaitim at may pilat sa kaliwang pisngi. Ito ay si Lucas na kapatid ng taong madilaw na namatay sa paghuhugos ng unang bato sa paaralan. Nabanas nang husto si Ibarra sa pangungulit ni Lucas na kung magkano ang ibabayad sa pamilya ng kanyang kapatid. Hindi muna pinansin ni Ibarra si Lucas dahil dadalaw pa siya sa isang maysakit. Saka na lamang nila pag-usapan ang tungkol sa pakay nito. Agad nitong tinalikuran si Lucas.

Sinundan ng masamang tingin ni Lucas si Ibarra sabay bulong sa sariling si Ibarra ay apo nga talaga ng nagbilad sa init sa kanyang ama at iisa ang dugong nananalaytay sa kanilang mga ugat. Ngunit kung si Ibarra ay mahusay magbayad ng mataas, sila ay magiging mabuting magkaibigan.

## **Kabanata 42**

### **MAG-ASAWANG DE ESPADAÑA**

Malungkot sa bahay ni Kapitan Tiyago dahil maysakit si Maria. Pinag-usapan ng magpinsang Kapitan Tiayago at Tiya Isabel kung alin ang mabuting bigyan ng limos, ang krus sa Tunasan na lumaki o ang krus sa Matahong na nagpapawis? Nais malaman ng kapitan kung alin sa dalawang krus ang higit na mapaghimala. Pero kalaunan, napagdesisyonan nila na bigyan ng limos ang dalawa upang gumaling kaagad ang karamdaman ni Maria Clara. Natigil ang kanilang pag-uusap nang may tumigil na sasakyan sa harap ng kanilang bahay. Ang dumating ay sina Dr. Tiburcio de Espadaña at asawang si Donya Victorina, si Alfonso Linares de Espadana, na inaanak ng kamag-anak ni Padre Damaso at tanging kalihim ng lahat ng ministro sa Espanya.

Inaasahan ni Kapitan Tiyago ang mga dumating na panauhin. Pagkatapos na maipakilala ni Donya Victorina si Linares, sinamahan sila ni Kapitan Tiyago sa kani-kanilang mga silid.

Sa edad na 45 ay napagkamalan pa siyang 32 taong gulang at isang **Orofea**. Nakikitaan talaga si Donya Victorina ng angking ganda sa panahon ng kanyang kabataan. Kaya hindi niya pinansin ang mga manliligaw na Pilipino dahil pinangarap niyang makapangasawa ng isang dayuhan. Isa siyang naghahangad na mapabilang sa mataas na antas ng lipunan. Nalagay siya sa pangangailangang kailangan siyang makapangawasa ng dayuhan. Pilit ang kasiyahan ni Donya Victorina. Ang lalaki ay isang maralitang kastila na taga-Espanya, itinaboy ng bayang **Extramadura** at ipinadpad ng kapalaran sa Pilipinas. Ang kastilang ito ay si Don Tiburcio de Espanada na may 35 taong gulang, ngunit mukha pang matanda kay Donya Victorina.

Nakarating siya sa Pilipinas sakay ng barkong **Salvadora**. Sa barko dumanas siya ng katakot-takot na pagkahilo at nabalian pa ng paa. Nahihiya na siyang magbalik sa Espanya, dahil ipinasya na niyang manatili sa Pilipinas. Eksaktong 15 araw siya sa bansa nang matanggap siya sa trabaho dahil sa tulong ng mga kababayang Kastila. Dahil hindi naman siya nag-aral pinayuhan siya ng mga kababayan na humanap nang magandang kapalaran sa mga lalawigan at magpanggap na isang mediko na ang tanging puhunan ay ang pagiging Kastila. Ayaw sana niyang sumunod dahil nahiya siya, pero dahil sa gipit na gipit na siya, wala siyang mapagpipilian kundi sumunod sa payo.

Siya ay dating nagtatrabaho sa pagamutan ng San Carlos bilang tagapagbaga ng mga painitan at tagapaspas ng alikabok sa mga mesa at upuan pero wala talagang kaalam-alam sa panggagamot. Mababa ang singil sa una. Lumalaon pataas ng pataas, sinamantala niya ng husto ang pagtitiwala ng mga Indio. Dahil dito, umaasa siya na tuloy-tuloy na ang kanyang pagyaman. Ngunit, nagsumbong ang mga tunay na mediko sa Protomediko de Manila na siya ay pekeng doktor. Unti-unting nawala ang kanyang pasyente. Babalik na sana siya sa pamamalimos sa mga kakilala't kababayan subalit napangasawa nga niya si Donya Victorina.

Pagkakasal, lumipat sila sa Santa Ana at dito idinaos ang kanilang pulut-gata Ilang araw ang nagtagal bumili ng aranya at karomata si Donya Victorina at matutuling kabayo mula sa Albay at Batangas para sa kanilang gamit. Binihisan din niya ang asawa para magmukhang kagalang-galang. Ang Donya ay nagsimulang maging ilusyunada bilang isang Orofea. Nagbihis-Espanyola at naglagay ng mga palamuti sa katawan. Ilang buwan ang lumipas, ipinamalita niyang siya ay naglilihi at sa Espanya manganganak sapagkat ayaw ipanganak ang anak na tatawaging revolucionario. Ang kanyang pangalan ay dinagdag din ng *de*, kayat nakalimbag sa mga tarheta nito ang Doña Victorina de de Espadaña.

Dumaan ang tatlong buwan, ang inaasahang pagbubuntis ng Donya ay naunsiyami kayat wala siyang magawa kundi ang manatili sa "*lupain ng mga salvaje*." Ang ginawa niya ay nagpatingin sa mga hilot at manggagamot, ngunit wala ring nangyari. Hindi siya nagkaanak.

Naging desperada ang Donya sa hindi pagkakaroon ng anak, naibunton niya ang kanyang ngitngit sa asawa. Kahit na ano ang gawin ng Donya hindi ito nagrereklamo, kapag nagagalit ang Donya, nilalabnot niya ang pustiso ng asawa at kung minsan nama'y hindi niya ipinapahintulatang lumabas ng bahay.

Isang araw, naisip ng Donya na ang asawa ay dapat na maglagay ng titulong **medicina** at **cirugia**. Tumutol ang Don sapagakat pamemeke na naman ang gagawin niyang panggagamot. Ngunit wala siyang magawa at sumunod na lamang sa Donya. Masasabing siya ay ander de saya.

Nagpaukit sa marmol ang Donya ng karatulang may nakasulat na DOCTOR DE ESPADAÑA, ESPECIALISTA EN TODA CLASE DE ENFERMEDADES at ito ay ikinabit sa kanyang bahay. Naisip ng Donya na kumuha ng tagapangasiwang Kastila sa kanyang mga ari-arian sapagkat hindi niya pinagkakatiwalaan ang mga Pilipino.

Dumating si Padre Salvi. Dati nang kakilala ng mag-asawa ang pari, kaya si Linares na lamang ang kanilang ipinakilala. Pinintasan niya ang mga taga-lalawigan at pinangalandakan na **kaututang dila** nila ang alkalde at ng iba pang nasa mataas na poder sa estado.

Namangha ang Donya nang sabihin ni Tiyago na kadadalaw lamang ng Kapitan Heneral sa kanilang tahanan. Halos hindi makapaniwala ang Donya. Dahil sa wala na siyang magawa sinabi na lamang na nanghinayang siya at hindi kaagad nagkasakit si Maria disin sana'y nakadaupang palad nila ang Heneral.

Nang matapos ang kanilang pag-uusap, pinuntahan nila si Maria na noon ay nakahiga sa isang kamagong na higaan na nakukurtinahan ng husi at pinya. Ang ulo ni Maria Clara ay tinalian ng panyo na binasa ng *agua colonia* at nakakumot ng puti. Nasa tabi ang dalawang kaibigang babae at si Andeng na may hawak na azucena.

Naitanong naman ni Linares kay Padre Salvi kung nasaan si Padre Damaso, sapagkat may dala itong sulat para rito. Sinabi ni Padre Salvi na dadalaw ito kay Maria Clara.

Pinulsuhan ni Don Tiburcio si Maria Clara, tiningnan ang dila at sinabing may sakit ito, ngunit mapapagaling. Ang iniresetang gamot niya ay sa umaga ay liquen at gatas, jarabe de altea at dalawang pildoras de cinaglosa. Sinamantala ito ng Donya at ipinakilala si Linares na nabigla sapagkat nakatuon ang kanyang mga mata at isip kay Maria Clara na lubhang nagagandahan.

Saglit naputol ang walang kurap na pagkakatitig ni Linares sa magandang mukha ni Maria Clara nang sabihin ni Padre Salvi na dumating na si Padre Damaso. Ang padre ay kagagaling lamang sa sakit. Maputla ito, mabuway kung lumakad, payat at hindi masalita.

**Kabanata 43**  
**MGA BALAK O PANUKALA**

Halatang-halata ang lubos na pag-aalala sa mukha ni Padre Damaso at tuloy-tuloy itong pumasok sa silid ni Maria Clara. Nananangis ang pari at sinabi na “anak, na hindi ka mamamatay.”

Lahat ay nagtaka sa ipinakita ni Padre Damaso, hindi nila akalaing sa kabila ng magaspang nitong ugali ay marunong pala itong umiyak at may malambot na kalooban. Naisip din nila na talagang mahal na mahal ng pari si Maria Clara. Di nagtagal ay tumindig ang pari at pumunta sa silong ng bahay upang mapag-isa. Sinamantala ni Donya Victorina ang damdamin ni Padre Damaso at dito ipinakilala si Linares. Ayon kay Linares, anak siya ni Carlicos, ang na bayaw ni Padre Damaso. Iniabot ni Linares ang dalang sulat. Nakasaad dito na siya ay naghahanap ng mapapangasawa at trabaho. Ayon kay Padre Damaso, madali lang matatanggap ang binata sa trabaho dahil ito ay abogado sa Universidad Central. At tungkol naman sa mapapangasawa ay iminungkahing kakausapin niya si Kapitan Tiyago. Bagay na ikinalungkot ni Padre Salvi.

Sinadya naman ni Lucas si Padre Salvi upang isangguni ang marapat na katarungan para sa kanyang kapatid. Umarte itong kaawa-awa at pilit na pinapatulo ang luha upang maawa sa kanya ang pari. Sinabi nito na binigyan lamang siya ng P500.00 ni Ibarra kapalit ang buhay ng kanyang kapatid. Hindi naman ikinatuwa ng pari ang kaartehan ni Lucas kung kaya't pinagtabuyan niya iyon. Walang nagawa ang oportunistang si Lucas kung hindi bumulong at napahiyang nilayasan ang pari.

**Kabanata 44**  
**PAGSUSURI SA BUDHI**

Nabinat si Maria Clara pagkatapos na makapagkumpisal. Sa kanyang pagkahibang walang ibang nasambit kundi ang pangalan ng kanyang inang hindi man lang niya nakikilala. Siya ay binantayang mabuti ng kanyang mga kaibigang dalaga. Si Kapitan Tiyago naman ay nagpamisa at nangako na magbibigay ng tungkod na ginto sa Birhen ng Antipolo. Unti-unti namang bumaba ang lagnat ni Maria Clara.

Takang-taka naman si Don Tiburcio sa naging epekto ng gamot na inireseta niya sa dalaga. Sa kasiyahan ni Donya Victorina hindi niya nilabnot ang pustiso ng asawa.

Isang hapon, napag- nila ang nakatakandang pag lipat ng parokya ni Pari Damaso sa Tayabas. Ayon kay Kapitan Tiyago, ang ganitong pagkakalayo ng pari ay labis na ikakalungkot ni Maria Clara sapagkat para na rin niya itong ama. Ipinaliwanag din niya na ang pagkakasakit ng dalaga ay bunga ng mga pangyayari noong pista. Sinabi naman ng kura na mabuti nga ang di pag papahintulot ng kapitan na mag kausap ang anak at si Ibarra. Pero tinutulan ng Donya ang ganitong pananaw ng dalaga sapagkat matibay ang kanyang paniniwala na si Don Tiburcio ang nakapagpagaling kay Maria. Hindi pinansin ni Pari Salvi ang Donya at

sa halip sinabi niya na malaki raw ang nagawa ng pangungumpisal sapagkat daig ng isang malinis na budhi ang lahat na mga gamot na gaya ng pinatutunayan na ng maraming pagkakaton. Dahil dito, iminungkahi ng Donya kay Pari Salvi na gamutin ng kanyang kumpisal Si Donya Consulation na asawa ng alperes.

Hindi umimik ang pari, sa halip ay tinagubilinan niya si Kapitan Tiyago na ipahanda kay Tiya Isabel si Maria Clara sa isang pangungumpisal muli sa gabing iyon at bibigyan niya ng viatico kinabukasan upang tuloy-tuloy na ang kanyang paggaling.

Samantala, pinainom ni Sinang si Maria Clara ng isang pildoras na mula sa bumbong na kristal at bilin ng doktor ay itigil ito kapag nakakaramdam siya ng kakaiba. Itinanong ni Maria Clara kay Sinang kung sumulat si Ibarra. Ayon kay Sinang, abala si Ibarra sa pag-aasikaso upang mapatawad ng arsobispo ang kanyang ekskumunyon. Saglit na natigil ang kanilang pag-uusap nang pumasok si Tiya Isabel. Layunin nitong sabihin kay Maria Clara na sulatan muli si Ibarra at sabihing kalimutan na niya ito. Di nakapag tanong si Sinang dahil nagsisimula na si Tiya Isabel, si Maria naman ay nag-iisip ng mga kasalanan. Binasa ni Tiya Isabel ang sampung utos. Pagkaraan ay nagsindi ng isang malaking kandila sa harap ng altar ng mahal na Birhen.

Tumagal ang kumpisalan ng gabing iyon. Napansin ni Tiya Isabel na sa halip na makinig ang pari sa sinasabi ni Maria Clara, tila ba binabasa lamang ang nasa isip ng dalaga. Nung lumabas ng silid si Pari Salvi ay namutla ito, kagat ang labi, kunot ang nuo at pawisan. Sa malas, siya pala ang kinumpisalan ng dalaga.

#### **Kabanata 45** **ANG PINAG-UUSIG**

Nagpunta sa kagubatan si Elias at hinanap si Kapitan Pablo. Nang makita ni Ellias ang matandang si Pablo, na tatalian ang ulo ng isang bigkis na kahoy na may bahid ng dugo. Kaya't nagkakilala silang dalawa. May anim na buwan na ng huli silang nagkita. Noon ayon kay matandang Pablo siya ang naawa kay Ellias subalit ngayon nagkapalit sila ng pwesto. Si Ellias ay malakas samantalang ang matanda ay sugatan at lugami sa hirap ng katawan at kalooban. Katunayan pinaghahanap siya nito sa kabundukan ng dalawang lalawigan at ngayon nga ay kanyang natagpuan.

Ipinaliwanag ni Elias sa kapitan na nais niya itong isama sa lupain ng mga di-binyagan upang doon na manirahan nang payapa kahit na malayo sa sibilisasyon, yaman din lamang daw walang nangyari sa kanyang paghahanap sa anggong nagpahamak sa kanyang pamilya. Binigyan diin ni Ellias na magturingan na lamang silang dalawa bilang mag-ama yamang pareho na silang nag-iisa sa buhay. Umiiling lamang ang matanda sa kahilingan ni Ellias at sinabing wala siyang dahilan para magpanibagong buhay sa ibang lupain. Kailangan niyang maipaghiganti ang kalupitang sinapit o pagkamatay ng kanyang dalawang anak na lalaki at isang babae sa kamay ng mga buhong. Noon siya ay isang duwag ngunit dugo at kamatayan ang isininsigaw ng kanyang budhi dahil sa kaapihang kanyang natamo. Ngayon wala ng nalalabi sa kanya kundi bababa ng bayan upang

maghimagsik at makapaghiganti. Hindi naman siya nag-iisa marami siyang kaanib na kapwa rin pinag-uusig ng awtoridad. Ang mga ito ang bumubuo sa kanyang pangkat na pinamumunuan. At naghihintay lamang sila sa tamang tiyempo at araw upang lumusob.

Naunawaan ni Elias ang paninindigan ni kapitan Pablo, siya man daw ay tulad nito na sa pangambang makasugat ng walang kinalaman, kinalimutan niya ang paghihiganti. Pero para sa kapitan ang paglimot ay lubhang napakahirap. Kaya ang ganang kay Elias ay napakadali sapagkat siya ay bata pa, hindi namatayan ng mga anak at hindi nawalan ng pag-asa. Nangako ang matanda na hindi rin siya susugat sa sinumang walang kasalanan. Ipinahayag ni Elias kay matandang Pablo na siya ay nagkapalad na makilala at makatulong sa isang binatang mayaman, matapat, may pinag-aralan at nag-iisang anak ng isang taong marangal na hinamak din ng isang pari. Maraming kaibigan sa Madrid kabilang na ang kapitan heneral. Tiniyak ni Elias sa matanda na makatutulong daw ang binatang ito sa kanilang pagnanasang maipaabot sa heneral ang hinaing ng bayan. Dahil dito ipinangako ni Elias na malalaman ni kapitan Pablo ang magiging resulta ng kanyang pakikipag-usap sa binatang si Ibarra sa loob ng apat na araw. Kapag pumayag ang binata may maaasahan at makapagtatamo sila ng katarungan na kung hindi naman ay si Elias ang unang kasama niyang maghahandog ng buhay.

Mahusay!

Binabati kita sa iyong kasipagan na mabigyang kahulugan ayon sa hinihinging salita na nasa itaas. Ngayong natapos mo nang basahin at suriin ang yugto ng kabanata 31-45. Sagutin ang mga sumusunod na gawain.







## ***Suriin***

### **Gawain 2.1: Sagutin Mo!**

Panuto: Basahing mabuti ang bawat katanungan. Piliin at bilugan ang titik na nagpapahayag ng tamang sagot sa bawat bilang.

1. Kung ikaw ang nasa kalagayan ng mga- inang umaasang magkaroon ng anak na doktor dahil sa paaralang ipatatayo ni Ibarra, ano kaya ang maaari mong gawin sa ganitong pangyayari?
  - A. Mas pipiliin ko ang kaligtasan ng pamilya ko kaysa sumawsaw sa isang bagay na maglalagay sa panganib ng aking pamilya.
  - B. Magpapasalamat kay Ibarra dahil sa pagpapatayo ng paaralan at kahit hindi matutupad ang pangarap ko sa aking anak na maging doctor kahit paano ay naranasan naming mangarap.
  - C. Himukin si Ibarra na ipagpapatuloy ang magandang nasimulan.
  - D. Manahimik na lang kung matutuloy ba o hindi.
  
2. Sino si Donya Consolacion? Ilarawan ang kanyang katangian, ugali at katayuan sa buhay.
  - A. Siya ay isang mabuting asawa sa gobernador heneral na may pagmamamahala sa kapwa na pumapanig sa pagtatanggol ni Padre Damaso.
  - B. Isang babaeng punong-puno ng kolorete sa mukha dahil sa kanyang pagpapanggap bilang isang mestisang Espanyol.
  - C. Siya ang asawa ng alperes na mapagpanggap, mapagmataas at mapang-api sa kapwa na dati isang labandera.
  - D. Si Donya Consolacion ay isang mabait na asawa subalit dahil sa kanyang mga naranasan ay pinili nalang niyang maging masama.
  
3. Anong klaseng pinuno ang Kapitan Heneral sa nobela? Papaano naipakita ang Sistema ng pamamahala ng gobyerno sa Pilipinas batay sa kabanatang binasa? Ipaliwanag.
  - A. mapagmalasakit at mahusay na pinuno
  - B. tapat sa nasasakupan
  - C. pinakikinggan ang bawat panig at nagbibigay papuri kung kinakailangan
  - D. lahat ng nabanggit
  
4. Ano ang paniniwala sa Diyos ni Elias? Ni Ibarra? Katanggap-tanggap ba ang mga ito maging sa kasalukuyan? Bakit?
  - A. Naniniwala silang hindi sila mahal ng Diyos.
  - B. Na ang Diyos ang nagbibigay s akanila ng kaparusahan.
  - C. Nawalan sila ng tiwala sa Diyos dahil sa nangyari sa kanilang buhay.
  - D. Na minamahal sila ng Diyos kaya sila nakaranas ng pagdurusa.

5. Bukod sa pagmamalupit ni Donya Consolacion kay Sisa, papaano nailarawan ni Rizal sa mga kabanatang binasa ang iba't ibang anyo ng pagsasamantala? Papaano maiuugnay ang mga ito sa kalagayan ng ating bansa sa panahon ng Covid 19?
- A. Sa katauhan ni Padre Damaso sa kanyang paggamit ng kanyang kapangyarihan at katayuan dahil marami rin sa ating mga kababayan ang ginamit ang kanilang kapangyarihan upang abusuhin at maisahan ang kapwa Filipino.
  - B. Si Kapitan Tiyago na isang representasyon ng isang Filipinong sunod-sunuran lamang at ang pagiging mapapel nito sa mga taong may katungkulan upang makuha ang proteksiyon at pansariling interes sa lipunan.
  - C. Ang gobernador heneral na sumisimbolo sa isang pinunong may paninindigan subalit takot na banggain ang nasa kapangyarihan.
  - D. Si Donya Consolacion na isang mapagpanggap at umastang dayuhan sa sariling bayan.

### ***Alam mo ba?***

May mga angkop na ekspresyon na ginamit sa pagpapaliwanag o pagpapahayag ng damdamin at saloobin.

1. Pagbibigay ng dahilan o paliwanag sa mga bagay na maaring nangyari.

dapat, maaari, possible, kailangan

*Halimbawa:*

*Dapat hindi* ginawa ni Ibarra ang pagtangkang pananaksak kay Padre Damaso upang ang gulo ay maiwasan.

2. Paghahambing o paglalahad na kung saan nakatulong sa pagbibigay-linaw sa isang paksa sa pamamagitan ng paglalahad ng pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang bagay na pinaghambing.

mas, higit, lalo, di gaano, sing/kasing, kapwa, di gasino

*Halimbawa:*

*Mas* pinapahalagahan ni Lucas ang pera kaysa buhay ng kanyang kapatid.

3. Pagbibigay ng opinyon/sariling pananaw o haka-haka na may kinalaman sa paksa.

Sa aking palagay, sa tingin ko, ang paniniwala ko ay, kumbinsido akong

*Halimbawa:*

*Sa aking palagay, kailangang malaman ng mga kabataan ang kahalagahan Noli Me Tangere.*

**I. Panuto:** Batay sa mga nakatalang angkop na ekspresyon na ginamit sa pagpapaliwanag, paghahambing at pagbibigay ng opinyon sagutin ang sumusunod na tanong gamit ang mga nabanggit ekspresyon na nasa loob ng talahanayan.

**Pagpapaliwanag**

1. Ano ang iyong ginagawa bilang pagtupad sa iyong tungkulin bilang isang anak, mag-aaral at isang mabuting mamamayan sa kabila ng pandemyang kinakaharap?

---

---

---

**Paghahambing**

2. Anong katangian ng mga tauhang ina sa nobela ang sa tingin mo ay taglay parin ng isang ina sa kasalukuyan?

---

---

---


**Pagbibigay ng Opinyon**

3. Sino ang dapat sisihin sa paglobo ng kaso ng COVID-19 sa bansa, gobyerno o ang mamamayan?

---

---

---



## Pagyamanin

### Gawain 1: Tama o Mali

Panuto: Isulat ang **TAMA** kung ang pahayag ay nangyari o naganap sa kabanata at **MALI** kung hindi.

- \_\_\_\_\_ 1. Dinalaw ni Crisostomo si Elias upang hilinging wala sanang makakaalam ng babalang kanyang sinabi rito bago bumagsak ang panghugos.
- \_\_\_\_\_ 2. Nagmamalasakit si Elias kay Ibarra sapagkat nais niyang mabuhay pa ito nang matagal alang-alang sa kapakanan ng bansa.
- \_\_\_\_\_ 3. Walang umayon sa ginawa ni Crisostomo, at lahat sila ay humusga na dapat sana ay nagpakatimpi siya.
- \_\_\_\_\_ 4. Itinangis ni Maria Clara ang nangyaring sigalot sa pagitan nina Crisostomo at Padre Damaso.
- \_\_\_\_\_ 5. Hindi sila nasiyahan sa pagharap ng Kapitan Heneral sa kanila. Bukod dito, napansin din nila na tila mas magiliw pa ang Kapitan Heneral kay Crisostomo Ibarra, na alam naman nito na isang ekskomulgado.

### Gawain 2: Talahanayan

Suriin ang bawat binasang kabanata. Lagyan ng **tsek ( / )** ang kahon kung ito ang kaisipan na napapaloob sa kabanata at **ekis** naman ( **X** ) kung hindi. Pangatuwiran ang iyong sagot.

Kabanata	Pamamalakad ng Pamahalaan	Paniniwala sa Diyos	Kalupitan sa Kapuwa	Kahirapan
Malayang Isipan				
Pananghalian				
Reaksiyon				
Karapatan at Kapangyarihan				
Si Donya Consolacion				
Ang Prusisyon				



## ***Isaisip***

Mababakas ang mga simulain, pananaw sa buhay at maging ang paniniwala ni Rizal sa mga pangungusap ni Crisostomo Ibarra. Ang karakter ni Crisostomo ay lumitaw sa katauhan ni Dr. Jose Rizal na kapwa ayaw ng madugong rebelyon, at may pagmamalasakit sa edukasyon ng mga kabataan tungo sa ikauunlad ng bayan.


Ganoon din naman, ang mga pangungusap ni Elias ay nagpapahiwatig ng katauhan ni Dr. Rizal, na unti-unti nang nawawalan ng pag-asa na makukuha pa sa mahinahong paraan ang mga pagbabago sa lipunan. Unti-unti siyang nawawalan ng tiwala sa mga tao.

Sa mundong ating ginagalawan, ang pag-aaway ay isang uri ng interaksyon ng mga indibidwal. Hindi naman nangangahulugang pisikal na sakitan lamang ang pag-aaway. May mga pag-aaway na kinakailangan lamang ng tagisan ng isip at talino. Walang sinumang may karapatang kumutil ng buhay ng iba. Ang Diyos lamang ang tanging may karapatang bumawi ng buhay na kanyang kaloob.

Dapat din nating tandaan na ang pagsisinungaling at pagkukunwari sa huli sa kahihyan din mauwi.

Sa pagkakamit ng anumang nais o kagustuhan sa buhay ang pananakot o karahasan ay huwag gamiting paraan.

Hindi masamang sumunod sa nakagawian kung ito’y hindi maghahatid sa atin sa kapahamakan.



## ***Isagawa***

### **Gawain 3: Panonood!**

Panoorin ang mga eksena sa *Maalaala Mo Kaya* na pinamagatang “**Halik ni Nanay**” sa [https://www.youtube.com/watch?v=gL\\_I1p04U7s](https://www.youtube.com/watch?v=gL_I1p04U7s) . Pagkatapos, ikumpara ang katangian ng ina sa napanuod mula sa katangian ng ina sa Noli Me Tangere tulad nina Sisa at Kapitana Maria. Gawin ito sa isang hiwalay na malinis na papel.



## Tayahin

**Panuto:** Basahin at unawain ang bawat aytem. Isulat ang titik ng tamang sagot sa inyong kwaderno.

1. Alin sa sumusunod na pangungusap ang nagtataglay ng wastong paggamit ng salitang naglalahad ng opinyon o pananaw sa paksa?
  - A. Di gaanong napahalagahan ang karapatan ng kababaihan at kabataan sa ngayon sapagkat padami nang padami ang biktima ng iba't ibang karahasan.
  - B. Mas napahalagahan ang karapatan ng kababaihan sa ngayon kaysa noon dahil pantay na ang karapatan ng lalaki at babae sa kasalukuyan.
  - C. Magkasintibay ang paninindigan ng kabataan sa ngayon at noon dahil iisa lang ang tinitibok ng kanilang puso.
  - D. Kapwa pareho ng karapatan ang kababaihan sa ngayon at noon.

Araw-araw walang paltos na pinaalalahanan at pinapayuhan ni Aling Nita ang kanyang mga anak. Sa tuwing may mga lakad na hindi makabuluhan ang kanyang mga anak hindi niya ito pinapayagan dahil ayaw niya na mapahamak sila. Naunawaan naman ng kanyang mga anak ang ginawa ng kanilang ina, Sila'y labis na nagpapasalamat at iginagalang pa rin nila ang kanilang ina.

2. Bakit kailangang magampanan ni Aling Nita ang kanyang tungkulin sa kanyang mga anak?
  - A. Nang sa gayon lumaking isang mabuti at responsableng mamamayan ang kanyang mga anak
  - B. Upang maiwasan ang masamang bisyo ng mga anak
  - C. Para hindi magkahiwa-hiwalaya ng mga anak
  - D. Upang maging huwaran sa ibang kabataan
3. Bakit kailangan din na magampanan ng kanyang mga anak ang kanilang responsibilidad sa kanilang ina?
  - A. Kailangan sapagkat iyon ang nararapat.
  - B. Kailangan nang sa gayon matawag na isang mabuting anak.
  - C. Kailangan upang masuklian ang lahat na ginagawa at pagsasaksripisyo ng ina.
  - D. Kailanganna magampanan ng mga anak ang kanilang tungkulin upang walang gulo at problema.

4. Paano ipinakita sa kabanatang ito na malakas o talagang makapangyarihan ang mga pari noong panahong iyon?
  - A. Inalipin ang mga Pilipino
  - B. Pagpapatang sa mga taong walang kasalanan
  - C. Inalisan ng sariling karapatan
  - D. Pagtapak sa dignidad at pang-aalipusta
  
5. Kailan masasabing maunlad ang ekonomiya ng isang bansa?
  - A. Kapag maraming utang ang ating bansa, pero maunlad tayo
  - B. Maunlad ang ibang sector, pero ang iba ay naghihirap
  - C. Napagtagumpayan ang matinding krisis at hindi naghihirap ang mga mamamayan.
  - D. Lahat sa nabanggit

Karapatan ng kababaihan at kabataan ay pahalagahan sapagkat sila ang hiyas at pag-asa ng ating bayan.

6. Batay sa ginintuang aral na napapaloob sa kahon, ano ang iyong pananaw hinggil dito?
  - A. Sa aking palagay, di gaanong bigyan sila ng pagpapahalaga sapagkat may mga ina at mga anak na walang pakialam sa isa't isa.
  - B. Kung ako ang iyong tatanungin, depende sa sitwasyon ang pagbibigay ng halaga sa kanilang karapatan.
  - C. Sa ganang akin, kung kilala natin o kapamilya natin dapat nating pahalagahan ang kanilang karapatan sapagkat sila'y mga kadugo natin.
  - D. Sa tingin ko karapat-dapat na pahalagahan ang kanilang karapatan sapagkat iyon ang nararapat nating gawin dahil bata man matanda, babae man o lalaki mayaman man o mahirap, tayo ay nilikha ng Poong Maykapal na pantay-pantay.
  
7. Ano ang naiintindihan mo sa ginintuang aral na nasa loob ng kahon?
  - A. Dapat na bigyang-halaga at igalang natin ang ating kapwa sa lahat ng panahon at pagkakataon dahil malaki rin ang maitutulong nila sa ikauunlad ng ating bayan.
  - B. Posibleng maging matiwasay at maayong ang ating buhay kung may pagpapahalaga at paggalang sa kanila.
  - C. Kailangang igalang natin ang ating kapwa tao ano man ang kalagayan niya sa buhay.
  - D. Maaring pahalagahan natin ang karapatang pantao para uunlad ang bayan natin.

8. Papaano nailarawan ni Rizal sa mga kabanatang binasa ang iba't ibang anyo ng pagsasamantala?
- A. Sa katauhan ni Padre Damaso sa kanyang paggamit ng kanyang kapangyarihan at katayuan dahil marami rin sa ating mga kababayan ang ginamit ang kanilang kapangyarihan upang abusuhin at mang kapwa Filipino.
  - B. Si Kapitan Tiyago na isang representasyon ng isang Filipinong sunod-sunuran lamang at ang pagiging mapapel nito sa mga taong may katungkulan upang makuha ang proteksiyon at pansariling interes sa lipunan.
  - C. Ang gobernador heneral na sumisimbolo sa isang pinunong may malasakit sa subalit takot na banggain ang nasa kapangyarihan.
  - D. Si Donya Consolacion na isang mapagpanggap at umastang dayuhan sa sariling bayan.


Gamit ang wikang Kastila, inutusan ni Donya Consolacion na umawit at sumayaw si Sisa. Hindi sumunod ang dalaga dahil hindi niya naintindihan ang salita ng Donya. Dahil dito pinalo siya ng Donya sa binti at paa dahil ng pagkabuwal ni Sisa.

9. Ano ang kaisipang nakapaloob sa pahayag?
- A. pagpapahalaga sa kakayahan ng iba
  - B. pagmamalupit sa kapwa
  - C. paggalang sa kapwa
  - D. pagkamasayahin

Makaraan ang ilang araw matapos ang kanilang kasal nagsimulang maging ilusyunada bilang isang orofea si Donya Consolacion. Nagbihis Espanyola at naglagay ng mga palamuti sa katawan. Dinagdagan pa ng "de" ang kanyang pangalan kayat nakalimbag sa mga tarheta nito ang DOÑA VICTORINA DE ESPADAÑA.

10. Ang pahayag ay nagpapakita ng \_\_\_\_.
- A. kaplastikan
  - B. kalupitan
  - C. katrayduran
  - D. kayabangan at mapagmataas






## **Karagdagang Gawain**

Gumawa ng isang “**collage**” na kung saan nagpapakita ng mahalagang isyung panlipunan batay sa mga kabanatang nabasa sa modyul na ito. Pumili lamang ng isang kabanata at tukuyin ang isyung panlipunan na nais ilarawan. Lagyan ng angkop na pamagat ang *collage*. Gawin ito sa *mahabang bond paper* na nakahiga.

Rubrik sa paglikha ng **collage** tungkol sa mga pangyayaring nagaganap sa kabanata 31-45:

<b>Batayan ng Grado</b>	<b>Kaukulang Puntos</b>	<b>Grado</b>
Tumpak ang mga datos at impormasyon.	<b>40%</b>	
Maayos ang sistema at malinaw ang paglalahad ng mga pangyayari sa kabanata.	<b>30%</b>	
Malikhain at maayos ang kabuuang presentasyon.	<b>30%</b>	
<b>KABUUAN</b>	<b>100%</b>	



## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. ekis
2. ekis
3. tsek
4. ekis
5. ekis
6. ekis
7. ekis
8. ekis
9. ekis
10. ekis

**Tuklasin**

1. b
2. c
3. e
4. i
5. f

**Surin**

1. b
2. c
3. d
4. a
5. a

**Subukin**

Noon

a, b, d, e, f, g, h, j

Ngayon

b, c, f, g, h, j

Pagkakatulad

k, n

Pagkakaiiba

l, i

**Pagyamanin**

1. MALI
2. TAMA
3. MALI
4. TAMA
5. TAMA

**Tayahin**

1. A
2. A
3. C
4. D
5. C
6. D
7. A
8. A
9. B
10. D

## ***Sanggunian:***

### ***Aklat***

Dillague, Nora M. et al. 1996. Modyul sa Noli Me Tangere Quezon City: Souvenir Production Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)